Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION

Patalastas Bilang. 25, s. 2018

PATALASTAS

SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO

PAKSA : Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** na idaraos tuwing 1-31 Agosto. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Filipino: Wika ng Saliksik".

Ang layuin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:

a. Ganap ng maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;

b. Mahikayat ang iba't iban g ahensiyang pampamahalaan at pambribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at

c. Maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwang ng Wikang Pambansa.

Malugod ng hinihikayat ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Para sa karagdagang detalye o impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay **John Enrico C. Torralba** sa telepono bilang (02) 736-2519 o mag-email sa komfil@kwf.gpv.ph o komisyonsawikangfilipino@gmail.com.

ALICIA dela ROSA-BALA
Tagapangulo

25 MAY 2018